

County of Santa Clara Department of Tax and Collections

70 WEST HEDDING STREET, EAST WING, 6TH FLOOR
SAN JOSE, CALIFORNIA 95110-1767
(408) 808-7900

www.sccdtac.org

ESPESYAL NA PAG-BILL PARA SA MGA SUPLEMENTARYONG BUWIS

Ang supplementaryong bill na ito ay dagdag pa sa regular na taunang bill ng buwis para sa iyong propyedad. Hindi kailanman nito pinapalitan ang taunang bill ng buwis, na ipinapadala pagdating ng Nobyembre 1 ng bawat piskal na taon. Ang taunang bill ay dapat batay sa assessed value (sinuring halaga) na epektibo sa petsa ng nakaraang lien (Enero 1). Kung ang bagong batayan na halaga ay mas malaki kaysa sa assessed value noong petsa ng nakaraang lien, mayroon pa ring isang bill na ilalabas. Kung naganap ang pagbabago sa may-ari o pagkumpleto ng bagong konstruksyon mula Enero hanggang Mayo, maglalabas ng dalawang supplementaryong bill ng buwis --- isa para sa kasalukuyang piskal na taon at isa para sa paparating na piskal na taon. Kung ang bagong batayan na halaga ay mas mababa kaysa sa assessed value noong petsa ng nakaraang lien, maglalabas ng supplementaryong kredito o refund.

Inaatas ng Artikulo XIII, Seksyon 2 ng Konstitusyon ng California na dapat suriin ang real property batay sa "full cash value" (ganap na halaga sa pera) nito kapag nagkaroon ng pagbabago sa may-ari o bagong konstruksyon. Ang petsa ng pagbabago sa may-ari o pagkumpleto ng bagong konstruksyon ay tinatawag bilang Event Date (Petsa ng Kaganapan). Inaatas ng batas na i-prorate o isaayos ang halaga batay sa proporsyon para maipakita ang bahagi ng nananatiling taon ng buwis mula sa event date. Dapat ay nakatanggap ka ng abisong nagpapaliwanag sa supplementaryong assessment na ito mula sa Office of the Assessor. Ang aplikasyon para i-apela ang iyong Supplementaryong Assessment ay dapat ihain sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng abisong iyon. Kung hindi ka nakatanggap ng abiso mula sa Office of the Assessor, tumawag sa Real Property Division sa (408) 299-5300.

Ang hindi pagtanggap ng bill ng buwis ay hindi batayan para sa pagkansela ng mga multa sa pagiging delingkwente (Seksyon 75.52e(1), California Revenue & Taxation Code). Responsibilidad ng may-ari na magbayad ng buwis sa propyedad sa wastong oras.

Para sa mga huling pagbayad, may ipinapataw na sampung porsyento (10%) na multa sa orihinal na buwis dagdag pa ang \$20.00 na singil para sa bawat installment (paghulog). Kung ang petsa ng pagkadelingkwente ay Sabado, Linggo, o holiday ng County, maaaring magbayad hanggang 5:00 p.m. sa susunod na araw ng negosyo.

Kung ang petsa ng pagkadelingkwente ng ikalawang installment ay Mayo 31 o mas maaga, at hindi nabayaran ang bill pagdating ng Hunyo 30, nagiging "tax-defaulted" o hindi nabayaran ang buwis sa propyedad. Nagpapataw ng mga karagdagang multa sa rate na 1.5 porsyento ng hindi pa nabayaranang buwis sa unang araw ng bawat buwan (18% kada taon) pagkatapos hanggang mabayaran nang buo. Sumisingil din ng redemption fee (singil sa pagbawi) ng Estado.

Isang detalyadong paliwanag tungkol sa iba't ibang elemento sa Supplementaryong bill ng buwis ang mahahanap sa <https://www.sccdtac.org/tbe>

Mangyaring tumawag sa Serbisyo at Suporta sa Customer sa (408) 808-7900 o magpadala ng email sa scctax@fin.sccgov.org para malaman ang halaga na dapat bayaran. Maaari ka ring bumisita sa aming website sa <http://www.sccdtac.org>.

HALIMBAWA NG KALKULASYON NG SUPLEMENTARYONG BUWIS

Halimbawa: Para sa propyedad na binili sa Oktubre 2020 sa halagang \$800,000, na dating may halagang \$500,000 sa nakaraang talaan ng buwis, ang kalkulasyon ng buwis ay ipinapakita sa ibaba. Mangyaring tandaan na ang piskal na taon o fiscal year (YR) ay sinasaklaw ang panahon mula Hulyo 1 hanggang Hunyo 30.

Bagong Halaga sa Batayang Taon: **\$800,000**
Bawas ang Kasalukuyang Halaga sa Talaan ng Buwis: **\$500,000**

Bagong Batayan na Halaga na itinakda ng Office of the Assessor na epektibo sa Oktubre 2020.
Kinakatawan ang nakaraang halaga sa talaan ng propyedad na epektibo mula noong Enero 1, 2020, na batayan para sa taunang bill ng buwis para sa 2020/2021.

Pagtaas ng Halaga: **\$300,000**
Factor sa Pag-prorate: $x \frac{.67}{\$201,000}$

Tingnan ang naka-highlight na seksyon sa tsart sa ibaba.

Rate ng Buwis para sa Kada \$100 $x \underline{1.20\%}$

Ipinapalagay na Rate (Ang iyong partikular na rate ay ipapakita sa iyong bill ng buwis)

Mga Supplementaryong Buwis
Na Dapat Bayaran para sa FY 2019/2020 **\$ 2,412**

GINAGAMIT NA FACTOR SA PAG-PRORATE

	Pagbabago sa May-ari o Konstruksyon na Kinumpleto tuwing taon/buwan ng:											
	2020					2021						
	HULYO	AGOSTO	SETYEMBRE	OKTUBRE*	NOBYEMBRE	DISYEMBRE	ENERO	PEBRERO	MARSO	ABRIL	MAYO	HUNYO
Fiscal Year ng Event Date (2020/2021)	0.92	0.83	0.75	0.67	0.58	0.50	0.42	0.33	0.25	0.17	0.08	
Sumusunod na Fiscal Year (2020/2021)							1.00	1.00	1.00	1.00	1.00	1.00

*Highlight para sa halimbawa sa itaas

Ang mga event date sa mga buwang ito ay makakabuo ng dalawang supplementaryong

Ang factor ng porsyento na nilalapat ay depende sa iyong petsa ng pagbili o pagkumpleto. Ito ay ang pag-prorate ng mga buwan mula sa petsa ng iyong pagbili o pagkumpleto ng konstruksyon hanggang dulo ng fiscal year.

Ang online na Pangtanta ng Supplementaryong Buwis ay maaaring i-access sa www.sccassessor.org.



Buwis sa Propyedad Abiso sa Email



Iskan niyo ang imahe
gamit ang QR Code reader

Maaaring mag-sign up ang mga may-ari ng propyedad para makatanggap ng mga ipinapadalang email at abiso na kaugnay ng kanilang mga assessment sa propyedad at mga bill ng buwis

Para magrehistro, bumisita sa: www.sccassessor.org/register

Para bayaran ang iyong mga buwis sa propyedad online, bisitahin ang aming website:
<http://taxpayment.sccdtac.org>

WALANG BAYAD KAPAG NAGBABAYAD SA PAMAMAGITAN NG E-CHECK

Idinedetalye ang mga singil sa Credit at Debit card sa site para sa pagbabayad.



Pagsusuri/Apela sa Assessment

Pagsusuri sa Assessment

Ibinibigay ng Assessor ang taunang Notification of Assessment Value (Abiso sa Halaga ng Pagsusuri) sa lahat ng mga may-ari ng propyedad sa huling bahagi ng Hunyo bilang paraan para masuri nila ang mga assessment sa propyedad nila. Dapat isumite ang mga kahilingan para sa pormal na pagsusuri sa Assessor's Office pagdating ng Agosto 1 para pag-isipan ng Assessor ang pagbabago sa kasalukuyang talaan ng assessment. Kung hindi ka sumasang-ayon sa assessed value, maaari kang humiling ng di-pormal na pagsusuri sa assessment sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Office of the Assessor sa (408) 299-5300. Maaari ka ring magsumite ng kahilingan para sa pagsusuri online sa www.sccassessor.org. Kung ikaw at ang Assessor ay hindi magkasundo sa assessed value sa panahon ng di-pormal na pagsusuri sa assessment, may karapatan kang maghain ng apela sa loob ng nakatakdang panahon para maghain.

Mga Apela sa Assessment

Ang mga may-ari ng propyedad na piniling i-apela ang regular na assessment sa Assessment Appeals Board (Lupon ng Mga Apela sa Assessment) ay maaaring maghain mula Hulyo 2 hanggang Setyembre 15. Kung ang bill na ito ay para sa isang escape assessment (pagwawasto sa halaga ng propyedad) o ibang assessment na ginawa ng Assessor na hindi bahagi ng regular na panahon ng assessment, maaaring maghain ng apela sa Clerk of the Board of Supervisors sa loob ng 60 araw. Dapat bayaran ang mga buwis bago ang petsa ng pagkadelingkwente para maiwasan ang mga multa. Kapag nagresulta ang apela sa pagbawas ng halaga, makakatanggap ka ng refund kung nabayaran na ang mga buwis. Kung tumaas ang halaga, makakatanggap ka ng karagdagang bill. Makukuha ang karagdagang impormasyon mula sa Clerk of the Board of Supervisors, 70 West Hedding Street, East Wing, 10th Floor, San Jose, CA 95110, (408) 299-5088, o mag-email sa AssessmentAppeals@cob.sccgov.org.
www.sccgov.org/assessmentappeals

Mga Programa para Tulungan ang Mga Tagabayad ng Buwis sa Propyedad

Exemption ng May-Ari ng Tahanan

Maaari kang mag-claim ng exemption ng may-ari ng tahanan sa iyong pangunahing tahanan, na nagbabawas ng hanggang \$7,000 mula sa assessed value ng iyong tahanan.

Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa Exemption Unit ng Assessor (Tagasuri) sa (408) 299-6460 o magpadala ng email sa exemptions@asr.sccgov.org

Kaluwagan Mula Sa Buwis Sa Propyedad para sa Mga Tauhan Ng Militar

Ang mga tauhan ng militar na aktibong nagsisilbi ay kwalipikado sa pagpapaliban ng pagpapabayad sa buwis. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Serbisyo at Suporta sa Customer sa (408) 808-7900

Programang Pagtalikod sa Singil at Buwis para sa Mga May-ari ng Mobile na Tahanan

Kung gusto mong mabura ang iyong mga hindi pa nababayarang buwis at/o irehistro ang iyong tahanan, tumawag sa Pagpapaunlad ng Pabahay at Komunidad (Housing and Community Development) sa (800) 952-8356, bisitahin ang www.hcd.ca.gov o magpadala ng email sa propertytax@sco.ca.gov

Exemption para sa Mga Senior at Mga Taong may Kapansanan

Maaaring mayroong mga exemption para sa mga natutugunan ang mga kinakailangan para maging kwalipikado. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.sccdtac.org/pte

Kaluwagan sa Sakuna

Maaaring kwalipikado para sa kaluwagan mula sa buwis sa propyedad ang kasawian o kalamidad na hindi kasalanan ng may-ari ng propyedad. Maaaring kwalipikado para sa binawasan assessment ang pagkasira dahil sa sunog, baha, o lindol. Para sa higit pang impormasyon bumisita sa www.sccassessor.org

Pagpapaliban ng Buwis sa Propyedad para sa Mga Senior Citizen, Mga Bulag, o Mga Taong may Kapansanan

Pinapangasiwaan ng State Controller's Office (Tanggapan ng Tagakontrol ng Estado) ang Property Tax Postponement Program (Programang Pagpapaliban ng Buwis sa Propyedad), na pinapahintulutan ang mga kwalipikadong may-ari ng tahanan na ipagpapaliban ang pagbabayad ng buwis sa propyedad sa kanilang pangunahing tirahan para sa kasalukuyang taon. Tinatanggap ang mga aplikasyon mula Oktubre 1 hanggang Pebrero 10 kada taon. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.sco.ca.gov/ardtax_prop_tax_postponement.html tumawag sa (800) 952-5661 mag-email sa postponement@sco.ca.gov



Para sa mga tanong tungkol sa pagtatakda ng halaga, pagmamay-ari, o exemption

Office of the Assessor
70 West Hedding Street
East Wing, 5th Floor
San Jose, California 95110
(408) 299-5500

Para sa mga tanong tungkol sa buwis, mga takdang petsa ng pagbabayad, o mga multa

Department of Tax and Collections
70 West Hedding Street
East Wing, 6th Floor
San Jose, California 95110-1767
(408) 808-7900